AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

**Aralin 44**

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

**Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 44**

Theme: Mga Kakatwang Mundo at Pangyayari - “Ang Mga Tao sa El Dorado”

Content Creator: April Grace M. Garcia

**Ang Mga Tao sa El Dorado**

**WRITING PROMPT LESSON 44**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa araw na ito, makikilala natin ang mga nakatira sa El Dorado. Handa na ba, kilalanin natin sila!

**II.Writing Prompt of the Day**

Nang ika’y makapasok sa loob ng mahiwagang lugar na puro ginto . Nakita mo ang mga taong naroroon. Ang kanilang suot ay tulad ng mga nakikita mo sa iyong History textbook! Parang damit ng mga katutubong Pilipino. Mukha rin silang Pilipino, ngunit, ang kanilang buhok ay puti tulad ng sa iyong lola. Marami rin silang palamuting kuwintas at bracelet sa kanilang katawan. Lumapit sa iyo ang isang matipunong lalaki.

Siya’y nagsalita, “Si Caloy ba ang hanap mo?” Ika’y tumango at sumenyas ang lalaki upang sundan mo siya. Nakita mo ang lugar, papuno ito. Halatang pinapangalagaan

nila ang kanilang kalikasan. Tumigil ang lalaki sa isang malaking bahay. Kumatok ito sa saliw ng unang linya ng kantang bahay kubo. *Tok-tok-tok-tok*

Bumukas nang kusa ang malalaking pinto. Sa gitna'y may isang malaking trono, nakaupo ang isang napakagandang babae, sa kanyang tabi ay si Caloy. Kinukwento ni Caloy ang buhay sa labas. Makikitang manghang-mangha ang babae sa kanyang kwento.  Dugtungan ang ating kwento!

•Ano kaya ang kinukwento ni Caloy sa babae tungkol sa buhay sa labas?
•Sino kaya ang babae sa trono?
•Bakit ka kaya pinatawag ng babaeng ito?

**III.Teacher's Message**
Sino kaya ang babaeng nasa trono? Ikwento ang inyong tagpo!  Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

Ano kayang susunod na mangyayari? Abangan sa susunod!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."